

(タガログ語)

悪徳商法に注意してください

Mag-ingat sa mga panloloko

Kapag nagkakagulo ang lipunan katulad sa panahon ng matinding lindol, madaling maisagawa ang mga masamang negosyo na ginagamit ang sakuna, at panloloko na sinasamantala ang pusong nag-aalala o kabutihan ng tao. Nangyayari ang mga ito hindi lamang sa lugar na naapektahan ng sakuna, pati rin sa paligid na mga lugar.

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga karaniwang kaso. Mag-ingat lamang na hindi kayo mabiktima.

○ Huwad na pangongolekta ng donasyon

Nagtatangkang kumuha ng perang donasyong na ginagamit ang pangalan ng tunay na mga organisasyon tulad ng [Japan Red Cross] o iba pa.

○ Panloloko sa pagaayos ng bahay

Pinapalala ang pag-aalala ng tao sa pagsabi na [Kailangang ayusin agad] at iba pa, upang makakuha ng kontrata na malaki ang halaga.

○ Pagbebenta ng kinakailangang mga bagay sa mataas na presyo

Nagsabing [Malapit nang maubos ang mga ito.], upang makabenta ng mga kinakailangan sa pamumuhay katulad ng battery, gasolina at iba pa, sa matataas na presyo.

○ Huwad na boluntaryo

Nagkukunuwaring boluntaryo at nagtatanong [May problema ba kayo?], ngunit pagkatapos ay sisingil ng malaking bayad.

Sa oras na kayo ay nagtaka dahil parang hindi tama, o kayo ay nabiktima, sumangguni agad sa munisipyo o sa pulisiya.